Sakuna (tulad ng bagyo at lindol)

Ang Japan ay isang bansa na madalas tamaan ng mga sakuna, tulad ng malalakas na bagyo (matinding ulan at malakas na hangin) at mga lindol (pagyanig ng lupa).

〜Kapag may sakuna, maaaring mangyari ang mga sumusunod:
– Maging mahirap ang signal ng cellphone.
– Maaaring mawalan ng kuryente, gas, o tubig.
– Maaaring tumigil ang takbo ng tren at bus, at may mga kalsadang hindi madadaanan



⑤Paghahanda bago magkaroon ng sakuna

Disaster Prevention and Crisis Management Bureau
Bousai kiki taisaku kyoku 0595-22-9640



•Kapag may lindol o bagyo, siguraduhin kung saan kayo lilikas o pupunta para lumikas (＝evacuation center).
• Makilahok sa mga pagsasanay para sa sakuna (＝disaster drill).
• Maghanda ng pagkain, tubig, flashlight, at iba pang gamit na sapat para sa 3 araw hanggang 1 linggo, sakaling mawalan ng kuryente, gas, o tubig (＝mga gamit na pang‐imbak).
• Ihanda ang mga dadalhin kapag kailangang lumikas—tulad ng pagkain, tubig, gamot, at mahahalagang dokumento.

⑥Kapag may sakuna —

Disaster Prevention and Crisis Management Bureau
Bousai kiki taisaku kyoku 0595-22-9640

・Mag‐ingat at kumilos nang mahinahon habang kinukuha ang tamang impormasyon.”
・May impormasyon ang Iga City na puwedeng basahin sa iba’t ibang wika, kaya siguraduhing tingnan ito.”


Mobile App na nagbibigay ng impormasyon at babala kapag may sakuna.

HAZARDON

App Store からダウンロード

Google Play で手に入れよう

※Para sa paraan ng pag‐rehistro, pakitingnan ang homepage ng Lungsod ng Iga

	Mga gamit na naka-imbak at mga bagay na dadalhin kapag lilikas.
Pagkain	□Mga biskwit na pang-imbak tulad ng kanpan at crackers □Mga pagkaing pang-emergency na madaling ihanda, tulad ng retort packs at instant noodles □Delata □Chichirya（chokolate, kendi atbp.） □Powdered milk at bote para sa sanggol, at iba pa. 
Tubig	□Tubig para inumin (3 litro bawat tao kada araw, para sa hindi bababa sa 3 araw)
Damit atbp.	□Tuwalya. □Damit na panloob at medyas □Damit na may mahabang manggas □ Mga damit na pampainit (pang-taglamig) 
Gamot atbp.	□Band-aid, benda, at gasa □Gamot at health notebook □ Mask at disinfectant □Sipilyo at body wipes □Portable toilet □ Mga gamit para sa regla at diaper 
gas ilaw atbp.kagamitan	□Posporo at lighter □Flashlight □Portable gas stove（★） 
Atbp.	□Helmet at guwantes na pang-trabaho □Mobile battery / power bank □Portable radio. □Leisure sheet □ Sleeping bag at kumot（★） 
Importanteng gamit（mahalagang bagay）	□Pasaporte □ Residence card. □My Number Card □ Dokumento para sa pagkumpirma ng kwalipikasyon. □Pera □Bank passbook □Hanko (personal seal) 

※Kapag lilikas huwag dalhin ang may marka nito(★)